Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of Santa Maria
**Coralan Elementary School**
Santa Maria

## Lagumang Pagsusulit sa Filipino IV

Pangalan:________________________________ Petsa::_________________________
Baitang at Pangkat: ________________________ Iskor:__________________________

**Panuto: Piliin ang wastong pangngalan na dapat ilagay sa bawat patlang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. Si ___________________ ang aming guro sa Filipino. Sya ang nanay ni Jenny.
   A. Binibining Santos B. Ginoong Santos C. Ginang Santos D. Inang Santos

2. Pupunta kami sa ___________________ upang bumili ng mga gulay at karne.
   A. simbahan B. palengke C. paaralan D. mall

**Panuto: Basahing mabuti ang kwento at sagutin ang mga katanungan.Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

**IBANG-IBA**
Sa panulat ni: Juan Ted

Isang araw, Araw ng mga Puso, ay bumisita si Lolo Pedro sa bahay ng kanyang anak na si Narcissa. Matagal-tagal na din syang hindi nakakabisita dito kaya naman naisipan nyang pasayahin ang kanyang anak sa pamamagitan ng pagluluto ng ulam.

Noong hapon ding iyon ay dumating ang anak ni Narcissa na si Tomas galing sa paaralan. Natanawan niya ang kaniyang lolo na masayang-masaya habang nagluluto sa kusina ng sinigang na kanilang ulam para sa hapunan. Kitang-kita pa ni Tomas ang pampaasim na gamit ni Lolo Pedro, isang pakete ng Knorr Sinigang sa Sampaloc.
Habang minamasdan ang lolo ay sumagi sa isip nya ang sarap ng asim ng sinigang at ang kilig na hatid nito at kasabay ang pagsambit sa sarili ng mga katagang, "Sinigang. Nakakakilig na sinigang. Kung makakagawa lang sana ako ng love letter na makakapag-pakilig kay Leonor." Matapos iyon ay…

"Lolo Pedro! Lolo Pedro! Paano gumawa ng love letter?" Matapos ito ay tumingin kay Tomas si Lolo Pedro at sinabing "Narinig kita apo. Ngunit makiki-ulit nga ang sinabi mo." – At kasabay nito ang biglang pagbakas ng lungkot sa mga mata ni Lolo Pedro.

3. Kaanu-ano ni Lolo Pedro si Narcissa?
   A. kapatid B. asawa C. anak D. apo

4. Ano ang gamit na pampaasim ni Lolo Pedro sa kaniyang nilulutong sinigang?
   A. sampaloc B. kamyas C. Knorr D. Knorr Sinigang sa Sampaloc

5. Base sa kwento, ano ang nararamdaman ni Lolo Pedro sa sinabi niyang "Narinig kita apo. Ngunit makiki-ulit nga ang sinabi mo"?
   A. natutuwa B. nagtataka C. natatakot D. nalulungkot

6. Bakit biglang nabakas ang lungkot sa mga mata ni Lolo Pedro?
   A. Dahil hindi nag-aaral nang mabuti si Tomas
   B. Dahil umiibig na si Tomas
   C. Dahil walang galang makipag-usap si Tomas
   D. Dahil hindi masarap ang luto niyang ulam

7. Ano kaya ang maaaring ginawa ni Lolo Pedro matapos ang kanyang sinabi kay Tomas?
   A. Papagalitan nya ito at papaluin
   B. Pagsasabihan nya ito at tuturuang maging magalang sa pakikipag-usap
   C. Kakausapin nya ito ng masinsinan at tuturuang gumawa ng love letter
   D. Uuwi na siya at hindi na babalik sa bahay nila Narcissa

paulnikko.aduana@deped.gov.ph

thirteenth

**Panuto: Gamit ang mga numerong katumbas ng bawat letra na nasa ibaba ay sagutin ang bawat katanungan.Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

A=1 B=2 C=3 D=4 E=5 F=6 G=7 H=8 I=9 J=10 K=11 L=12 M=13 N=14 O=15
P=16 Q=17 R=18 S=19 T=20 U=21 V=22 W=23 X=24 Y=25 Z=25

8. Anong salita ang mabubuo sa mga numerong ito? 11 - 1 - 18 - 1 - 16 - 1 - 20 - 1 - 14
   A. karapatan B. kaibigan C. kasayahan D. kabayanihan

9. Kung ang salitang "AKO" ay 1+11+15= 27 at ang salitang "IKAW" ay 9+11+1+23=44. Ano naman ang katumbas ng salitang "TAYO"?
   A. 51 B. 61 C. 50 D. 48

**Panuto: Ibigay ang kahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap.Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

10. Labis na ang <u>pagdarahop</u> na nararanasan ng ating mga kababayan sa Bicol. Halos wala na silang makain dahil natuyo na lahat ang kanilang mga pananim.
   A. pagka-inis B. pagkatuwa C. paghihirap D. pagsusumikap

11. Huwag mo nang <u>ikubli</u> kung anuman ang nagawa mong kasalanan dahil malalaman ko din kung ano iyon.
   A. ilagay B. isigaw C. itago D. ibaon

**Panuto: Piliin ang angkop na mga magalang na pananalita para sa bawat sitwasyon.Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

12. Isang umaga, dumaan si Anna sa bahay ng pamilya Cruz upang ayain si Karen na magsanay ng kanilang sayaw para sa pagtatanghal sa kanilang paaralan. Tumawag sya sa labas ng gate at lumabas ang nanay ni Karen…

"Magandang umaga po Ginang Cruz. ______________________________________ si Karen?"
   A. Nandiyan ba B. Nandiyan po ba C. Nakaalis na ba D. Isasama ko po

13. Araw ng pagsusulit sa paaralan ngunit sa hindi inaasahang pagkakataon, nawalan ng sulat ang ballpen ni Jermayne. Kailangang humiram siya ng ballpen sa kaklase nyang si Jasper…

   A. Jasper, pahiram naman ako ng ballpen. Hindi ba pag ikaw naman ang walang ballpen ay pinapahiram din kita?
   B. Jasper, maaari ba akong makahiram ng ballpen?
   C. Hoy Jasper! Pahiramin mo naman ako ng ballpen.
   D. Jasper, may extra ka pang ballpen? Pahiram naman ako.

**Panuto: Piliinang wastong salita para sa bawat patlang sa pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

14. Si kuya Robert at kuya Gary ay magaling sa negosyo. ___________ ay parehong nagpatayo ng computer shop.
   A. Ako B. Siya C. Sila D. Kami

15. Ako at si Bogart ay pupunta sa plaza. __________ ay maglalaro ng basketball.
   A. Siya B. Sila C. Tayo D. Kami

16. Hindi lang ako, kami, ikaw, kayo, siya, o sila ang dapat na gumawa ng tama. Dapat ay lahat __________.
   A. siya B. sila C. tayo D. kami

17. Nakita ko kagabi ang aswang! Mahaba ang dila nito at matutulis ang mga ngipin. Hindi lang iyon, mapulang-mapula pa ang mga mata nito. Talaga namang __________________ ang kaniyang itsura!
   A. nakakamangha B. nakakaaliw C. nakakatakot D. nakakadiri

18. Walang inuurungang laban si Andres. Sinuman ang umapi sa kanyang kababayan ay kanyang kinakalaban. Hanga ako sa kanya dahil siya ay ___________________________.
   A. mabait B. matapang C. masipag D. maawain

19. _____________ kami bukas ng aking nanay sa Baguio City. Doon kami magdiriwang ng aking kaarawan.
   A. Pupunta B. Aalis C. Manggagaling D. Nanggaling

20. Noong isang taon ______________ ni Pangulong Duterte ang bagong batas patungkol sa buwis.
   A. pumirma B. pinirmahan C. pipirmahan D. kumpirmahin

21. ________________ na ikinabit ni Ted ang perdible sa lampin ng kaniyang kapatid upang hindi ito matusok.
   A. Maingat B. Mabilis C. Marahan D. Malumanay

paulnikko.aduana@deped.gov.ph

thirteenth

22. Sinuntok ni Manny Pacquiao ______________________ ang kalaban para mapatumba ito.

A. ng malakas    B. ng buong lakas    C. nang buong lakas    D. nang matindi

**Panuto: Sagutin ang bawat katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

23. Alas dose ng tanghali habang naglalakad si Marcelo pauwi sa kanilang bahay ay biglang umihip ang malakas at malamig na hangin. Maya-maya pa ay dumilim na ang kalangitan. Mabilis na tumakbo si Marcelo pauwi ng bahay dahil ______________________________.

A. natatakot siya sa dilim
B.. ayaw niyang abutin ng gabi sa kalsada
C. malapit nang bumagsak ang ulan
D. giniginaw siya

24. Maraming bisita sa kanilang paaralan. Ang lahat ng mga bata sa ika-anim na baitang ay pawang mga nakangiti. Masaya sila sa araw na ito, pati na rin ang mga magulang nila na kaagapay nila. Ilang minuto na lang ay isa-isa nang tatawagin ang kanilang mga pangalan upang umakyat sa entablado at ____________________________________.

A. magtanghal ng kanilang deklamasyon
B. tanggapin ang kanilang diploma
C. sumayaw nang buong giliw
D. parangalan ng mga papremyo para sa kanilang pagdalo.

25. Ano ang mainam na sanhi ng pangungusap na ito?

[Mataas ang nakuhang grado ni Boyet sa kanilang pagsusulit.]

A. Nangopya siya sa kaniyang kaklase.
B. Bago pa ang araw ng pagsusulit ay nakita na nya ito sa Facebook.
C. Nag-aral siyang mabuti bago pa ang araw ng pagsusulit.
D. Sobrang dali ng pagsusulit na ibinigay sa kanila ng guro.

26. Ano ang maaaring maging bunga ng pangungusap na ito?

[Limang oras kada araw kung maglaro ng mobile games at computer games si Nikko.]

A. Naging magaling sa computer si Nikko.
B. Lumabo ang kaniyang mga mata.
C. Lagi siyang puyat.
D. Tumaas ang mga grado niya sa paaralan.

27. Alin sa mga pangungusap na nasa ibaba ang gumamit ng pang-abay na “masaya”?

A. Ang bawat isa ay masaya sa kanilang natanggap na regalo.
B. Ang bawat isa ay masayang nagdiwang ng kaarawan ni Paul.
C. Ang bawat isa ay nagbibigay ng saya sa mga kanilang kapwa.
D. Masayang-masaya silang lahat dahil naranasan nilang sumakay sa eroplano.

28. Piliin ang may wastong gamit ng pang-uri na “magiliw”.

A. Magiliw na ipinakita ni Juan ang kaniyang proyekto sa mga guro.
B. Ang mga bisita mula sa iba’t-ibang panig ng mundo ay magiliw na tinanggap ng mga Pilipino.
C. Marami ang natutuwa kay Ruelly dahil siya ay isang magiliw na bata.
D. Magiliw niyang binati ang lahat ng mga nagsipagtapos sa taong iyon.

**Panuto: Basahing mabuti ang usapan nina Juan at Ted at sagutin ang mga katanungan tungkol dito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

Juan: Ted! Nakapaghanda ka na ba ng mga bulaklak na iaalay natin sa ika-30 ng Disyembre para sa “Pagdiriwang ng Ika-121 Araw ni Rizal?”

Ted: Parang may mali Juan. Hindi ba dapat ay “Pag-gunita sa Ika-121 Araw ni Rizal?”

Juan: Bakit mo naman nasabi iyan Ted?

Ted: Ang Ika-30 ng Disyembre kasi ang araw ng kamatayan ni Rizal. Para sa akin, dapat nating gamitin ang salitang “pagdiriwang” sa kaniyang kaarawan na ginaganap tuwing Ika-19 ng Hunyo at “paggunita” naman sa araw ng kaniyang kamatayan.

Juan: Oo nga ano? Ted, palagay ko ay tama ka nga!

29. Base sa iyong binasa, alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagsasabi ng katotohanan?

A. Parang may mali Juan.
B. Hindi ba dapat ay “Pag-gunita sa Ika-121 Araw ni Rizal?”
C. Ang Ika-30 ng Disyembre ang araw ng kamatayan ni Rizal.
D. Ted, palagay ko ay tama ka nga!

thirteenth

30. Base sa iyong binasa, alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagsasabi ng opinyon?
A. Ika-19 ng Hunyo ang kaarawan ni Jose Rizal.
B. Bakit mo naman nasabi iyan Ted?
C. Ang Ika-30 ng Disyembre ang araw ng kamatayan ni Rizal.
D. Dapat nating gamitin ang salitang "pagdiriwang" sa kaniyang kaarawan na ginaganap tuwing Ika-19 ng Hunyo.

31. Ano ang maaring gawing pamagat ng usapan nina Juan at Ted?
A. Ang ika-121 Araw ni Rizal
B. Ang Pinagkaiba ng "Pagdiriwang" at "Paggunita"
C. Ang dalawang magkaibigan
D. Ang Aming Alay kay Rizal

**Panuto: Gamit ang "Talaan ng Nilalaman" na nasa ibaba ay sagutin ang bawat katanungan tungkol dito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

| PAMAGAT NG PAKSA | PAHINA |
|---|---|
| Paggamit ng Pangngalang Pantangi at Pambalana | 1-23 |
| Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay | 24-43 |
| Paggamit ng Panghalip | 44-54 |
| Pagsulat ng Balita | 55-78 |
| Bahagi ng Kwento | 79-84 |
| Paggamit ng Pang-abay na Panlunan | 85-95 |

32. Saang pahina ng aklat maaaring basahin ang tungkol sa Panghalip?
A. pahina 28
B. pahina 49
C. pahina 79
D. pahina 27

33. Anong paksa ang mababasa mo sa pahina 81?
A. Bahagi ng Kwento
C. Pagsulat ng Balita
B. Paggamit ng Panghalip
D. Paggamit ng Pang-abay na Panlunan

34. Ilang pahina ng aklat ang tungkol sa "Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalaysay?
A. 19
B. 20
C. 23
D. 21

35. Sa anong pahina una mong makikita ang paksa tungkol balita?
A. 24
B. 44
C. 55
D. 79

**Panuto: Suriing mabuti ang tsart na nasa ibaba at sagutin ang mga katanungan tungkol dito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

| Asignatura at Baitang | Bilang ng mga Batang Kumuha ng Pagsusulit | Bilang ng mga Batang Hindi Nakakuha ng Pagsusulit | Bilang ng mga Batang Pumasa sa Pagsusulit | Bilang ng mga Batang Bumagsak sa Pagsusulit |
|---|---|---|---|---|
| Filipino III | 40 | 5 | 38 | 2 |
| Filipino IV | 38 | 3 | 34 | 4 |
| Filipino V | 36 | 0 | 29 | 7 |
| Filipino Vi | 34 | 2 | 31 | 3 |

36. Anong baitang ang may pinaka maraming bilang ng mga hindi nakakuha ng pagsusulit?
A. Baitang III
B. Baitang IV
C. Baitang V
D. Baitang VI

37. Ilan lahat ang bilang ng mga batang hindi nakakuha ng pagsusulit?
A. 10
B. 16
C. 132
D. 148

38. Ilan lahat ang bilang ng mga mag-aaral sa Baitang IV?
A. 38
B. 41
C. 81
D. 79

39. Anong baitang ang walang bilang ng mga batang hindi nakakuha ng pagsusulit?
A. Baitang III
B. Baitang IV
C. Baitang V
D. Baitang VI

40. Ano ang mainam na pamagat ng tsart na nasa itaas?
A. Resulta ng Bilang ng mga Batang Kumuha ng Pagsusulit sa Filipino
B. Puntos ng mga Bata sa Pagsusulit sa Filipino
C. Resulta ng Pagsusulit ng mga Bata sa Filipino
D. Resulta ng Bilang ng mga Batang Pumasa sa Pagsusulit sa Filipino

thirteenth

Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
Region IV-A CALABARZON
Division of Laguna
District of Santa Maria
**Coralan Elementary School**
Santa Maria

**LAGUMANG PAGSUSULIT SA FILIPINO IV**
**(2017 – 2018)**

# TALAAN NG PAGTATAHAS

| PALAHUDYATAN | LAYUNIN | BLG. NG AYTEM | AYTEM |
|---|---|---|---|
| **F4WG-Ia-e-2** | Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili,sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid | 2 | 1, 2 |
| **F4PB-Ia-d-3.1** | Nasasagot ang mga tanong sa binasang kuwento | 2 | 3, 4 |
| **F4PN-Ib-i-16** | Natutukoy ang damdamin ng tagapagsalita ayon sa tono,diin,bilis at intonasyon | 1 | 5 |
| **F4PN-Ie-j-1.1** | Nasusunod ang napakinggang panuto o hakbang ng isang gawain | 2 | 8, 9 |
| **F4PT-IVc-h-4.4** | Nabibigyangkahulugan ang matalinghagang salita | 2 | 10, 11 |
| **F4PS-Ig-12.9** | Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwayson pakikipag talastasan sa text | 2 | 12, 13 |
| **F4PB-If-j-3.2.1** | Nasasagot ang mga tanong na bakit at paano | 1 | 6 |
| **F4WG-If-j-3** | Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan | 3 | 14, 15, 16 |
| **F4EP-Ij-5** | Nagagamit nang wasto ang mga bahagi ng aklat tulad ng Talaan ng Nilalaman | 3 | 32, 33, 34, 35 |
| **F4PB-IIa-17** | Nahuhulaan ang maaaring mangyari sa teksto gamit ang dating karanasan/ kaalaman | 1 | 7 |
| **F4WG-IIa-c-4** | Nagagamit nang wasto ang pang-uri sa paglalarawan ng tao, lugar, bagay at pangyayari sa sarili ibang tao katulong sa pamayanan | 2 | 17, 18 |
| **F4PB-IIdi-6.1** | Nasasabi ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa binasang teksto | 2 | 25, 26 |
| **F4WG-IId-g-5** | Nagagamit ang pandiwa ayon sa panahunan sa pagsasalaysay ng nasaksihang pangyayari | 2 | 19, 20 |
| **F4EP-IId-f-2.3** | Nabibigyang-kahulugan ang bar grap/dayagram/tsart | | 36, 37, 38 39, 40 |
| **F4WG-IIh-j-6** | Nagagamit nang wasto ang pariralang pangabay sa paglalarawan ng kilos | 2 | 21, 22 |
| **F4WG-IIId-e9.1** | Natutukoy ang kaibahan ng pang-abay at pang-uri | 2 | 27, 28 |
| **F4PB-IIIf-19** | Nasusuri kung opinyon o katotohanan ang isang pahayag | 2 | 29, 30 |
| **F4PB-IIIg-8** | Nabibigyan ng angkop na pamagat ang talatang binasa | 1 | 31 |
| **F4PN-IIb-12** | Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa napakinggang teskto | 1 | 23, 24 |
| **KABUUAN** | | **40** | |

Inihanda ni:

**PAUL NIKKO A. ADUANA**
Guro I

Binigyang Pansin:

**JANE A. SUAZO**
Pang-ulong Guro III

paulnikko.aduana@deped.gov.ph

# SUSI SA PAGWAWASTO

1. C
2. B
3. C
4. D
5. D
6. C
7. B
8. A
9. B
10. C
11. C
12. B
13. B
14. C
15. D
16. C
17. C
18. B
19. A
20. B
21. A
22. C
23. C
24. B
25. C
26. B
27. B
28. C
29. C
30. D
31. B
32. B
33. A
34. B
35. C
36. A
37. A
38. B
39. C
40. C

thirteenth

Inihanda ni:

**PAUL NIKKO A. ADUANA**
Guro I

Binigyang Pansin:

**JANE A. SUAZO**
Pang-ulong Guro III

paulnikko.aduana@deped.gov.ph